

Mga Bakuna

Ano ang mga ito at paano maililigtas ng mga ito ang iyong buhay

Ang mga bakuna ay isang napakalaking tagumpay ng modernong medisina – at ang mga pinakamahusay na proteksyon na mayroon tayo laban sa maraming malalang sakit. Tinatantya ng World Health Organization na ang mga bakuna ay makapagliligtas ng hanggang 3 milyong buhay bawat taon.¹

Ano ang bakuna?

Ang mga bakuna ay ligtas at mabisang paraan ng pagprotekta sa mga tao laban sa mga sakit at karamdaman. Kapag nagpabakuna ka, ang iyong immune system ay magkakaroon ng pananggalang sa sakit na iyon. Karaniwan mong natatanggap ang bakuna bilang isang iniksyon, pero puwede ring ibigay ang ilan bilang nasal spray na sisinghutin mo o bilang gamot na iinumina mo.

Paano tumatalab ang mga bakuna?

Kapag nagpabakuna ka, ang iyong katawan ay gagawa ng mga antibody laban sa sakit na iyon. Ang mga antibody ay mga protein na natural na ginagawa ng iyong immune system para labanan ang sakit. Pagkatapos ay magagawa ng iyong katawan na tukuyin at labanan ang sakit kung sakaling malantad ka rito sa ibang pagkakataon. Mapapahina nito nang husto ang epekto ng isang sakit o mapipigilan nitong magkaroon ka nito.

Bakit dapat akong magpabakuna?

Ang mga bakuna ay ligtas na paraan para maiwasan ang sakit at makapagligtas ng mga buhay. Mapoprotektahan ka rin nito laban sa sakit nang isang taon, maraming dekada, o maging panghabambuhay – depende sa partikular na sakit. Iyon ang dahilan kaya napakamakapangyarihan ng mga bakuna. Sa halip na gamutin ang isang sakit pagkatapos mong makuha ito, pinipigilan ng mga bakuna na magkasakit ka sa simula pa lang.

(magpapatuloy sa likod)

1. "Vaccines and Immunization: What is Vaccination," World Health Organization, Disyembre 30, 2020.

Ano ang kailangan mong malaman tungkol sa bakuna laban sa COVID-19

Paano tayo napapanatiling ligtas ng bakuna laban sa COVID-19?

Ang mga bakuna ang pinakamahusay na proteksyon na mayroon tayo laban sa maraming malalang sakit. Pinoprotektahan tayo ng mga ito mula sa sakit sa pamamagitan ng pagtuturo sa ating mga immune system kung paano labanan ang mga virus at impeksyon – nang hindi tinatamaan ng sakit.

Puwedeng magkaroon ng mga malala at nakamamatay na komplikasyon ang COVID-19, kaya naman mahalaga para sa lahat ng kwalipikado na magpabakuna.

Gaano kabisa ang mga bakuna laban sa COVID-19?

Ang lahat ng pinahihintulatang bakuna laban sa COVID-19 ay mga bakunang nakapagliligtas ng buhay: Para makakuha ng pahintulot mula sa FDA ang isang bakuna laban sa COVID-19, kailangang mapatunayang ligtas ito at mapipigilan nito ang sakit (o mababawasan nito ang kalalaan nito) sa hindi bababa sa 50% ng mga taong nabakunahan. Sa mga klinikal na pagsubok, ang lahat ng bakuna laban sa COVID-19 ay nagpakita ng 85% o mas mataas na efficacy rate sa pagpigil ng malalang sakit na COVID-19 – ipinapakita nitong talagang mabisa ang lahat ng ito.²

Isinama ba sa mga klinikal na pagsubok ang mga taong tulad ko?

Isinama sa mga klinikal na pagsubok sa bakuna laban sa COVID-19 ang mga nasa hustong gulang na may iba't ibang pinagmulan, lahi, at etnisidad, at mula sa iba't ibang heograpikong lugar. Nakipagtulungan ang mga mananaliksik sa mga faith leader,

organisasyon sa komunidad, at klinikang pangkalusugan para tiyaking kasama sa mga boluntaryo ng klinikal na pagsubok ang mga miyembro ng mga underrepresented at marginalized na populasyon, at ang mga taong lampas 65 taong gulang, na may mas malaking panganib na magkaroon ng mga komplikasyon mula sa virus.

Ligtas bang magpabakuna laban sa COVID-19 kung mayroon kang kasalukuyang kondisyon sa kalusugan tulad ng diabetes?

Kung mayroon kang kasalukuyang kondisyon sa kalusugan tulad ng diabetes, dapat mong kausapin ang iyong doktor at kumpirmahing ligtas na magpabakuna laban sa COVID-19. Sa pangkalahatan, kung mayroon kang kasalukuyang kondisyon, mas malaki ang iyong panganib na magkasakit nang malala dahil sa COVID-19. Kaya naman, isang paraan ang pagpapabakuna laban sa COVID-19 para maprotektahan ang iyong sarili mula sa virus. Ayon sa FDA, ang mga taong may mga kasalukuyang kondisyon ay puwedeng magpabakuna laban sa COVID-19 kung hindi sila nagkaroon ng allergic na reaksyon sa alinman sa mga sangkap sa bakuna.³ Pinakamainam na kausapin ang iyong doktor para masuri niya ang iyong personal na sitwasyon.

May babayaran ba para sa bakuna laban sa COVID-19?

Wala. Hindi ka dapat singilin ng kahit ano para sa bakuna laban sa COVID-19 saan mo man ito kunin. Sa katunayan, dapat mong paghinalaan ang anumang entidad na gusto kang singilin para sa bakuna dahil labag ito sa pederal na batas.

2. Kathy Katella, "Comparing the COVID-19 Vaccines: How Are They Different?" YaleMedicine.org, Mayo 13, 2021.

3. "Frequently Asked Questions about COVID-19 Vaccination," CDC.gov, na-access noong Enero 25, 2021.